

Nabakunahan ka na ba laban sa COVID-19? Ano ang ibig sabihin nito para sa iyo?

TAGALOG / TAGALOG



Kapag ikaw ay nagpabakuna, magbebenepisyo ka mula sa proteksyon na makukuha mo laban sa COVID-19, at mapro-
protektahan ka rin habang binabawasan ang mga pagbabawal sa iyong komunidad.



Kailangan mo pa rin sundin ang payo ng local public health / pampublikong kalusugan sa mga pampublikong lugar (hal.,
mga lugar ng trabaho, public transit). Isinasaalang-alang ng payo nila ang community risk levels (kung gaano kalaki ang
panganib sa komunidad).



Nakuha na ng karamihan ng mga tao sa Canada ang kanilang unang bakuna, at marami ang malapit nang maging fully
vaccinated. Ang payo na ito ay batay sa kasalukuyang sitwasyon at ito'y bibigyan ng update habang patuloy na tumataas
ang vaccination rates at bumababa ang mga kaso.



Kung ikaw ay nasa panganib na magkaroon ng mas malubhang sakit o mga problema, ang masking at physical distancing
ay nagbibigay ng mga karagdagang proteksyon na mas magbabawas sa iyong risk o panganib sa lahat ng mga sitwasyon.
Laging mas mababa ang iyong risk o panganib kapag ikaw ay nasa labas.

SITWASYON O AKTIBIDAD

(Laging sundin ang guidelines sa iyong lugar para
sa mga salu-salo at laging sundin ang mga pata-
karan ng public health / pampublikong kalusugan)

HINDI KA NABAKUNAHAN O KAYA

**IKAW AY PARTIALLY
VACCINATED (ISANG DOSIS PA
LAMANG ANG NATATANGGAP)**

IKAW AY FULLY VACCINATED (KOMPLETO NA ANG IYONG DOSIS NG BAKUNA)

(ibig sabihin, natanggap mo na ang kompletong
series ng bakuna na awtorisado sa Canada nang
kahit man lamang 14 na araw ang nakaraan)

Outdoors o sa labas, kasama
ng isang maliit na grupo ng mga
indibidwal na **fully vaccinated**



**hal., maliit na salu-salo ng pamilya
para sa BBQ, camping kasama ng
mga kaibigan / pamilya, swimming
sa ilog, pagyakap sa iba**

Hindi kailangan ang mask o physical
distancing kung komportable ang
lahat na gawin ito

Hindi kailangan ang mask o physical
distancing

Indoors o sa loob, kasama ng
isang maliit na grupo ng mga
indibidwal na **fully vaccinated**



**hal., kainan kasama ng maliit na
grupo ng mga kaibigan, panonood
ng sports sa TV, pagyakap sa iba**

Maari mong tanggalin ang iyong mask
at maari mong bawasan ang distansiya,
o maari kang lumapit sa mga indibidwal
na fully vaccinated kung ang lahat ng
mga tao ay komportableng gawin ito,
AT walang tao ang nasa panganib
na magkasakit nang mas malubha o
magkaroon ng mga mas malubhang
problema sa kalusugan

Hindi kailangan ang mask o physical
distancing

Outdoors o sa labas, kasama ng mga
tao mula sa iba't-ibang household o
sambahayan, na **hindi nabakunahan,
partially vaccinated, o kung hindi mo
nalalaman kung sila'y nabakunahan
na o hindi**



**hal., paglalaro ng close contact sport,
salu-salu ng mga kaibigan, outdoor
birthday party ng isang maliit na
bata, outdoor wedding**

Sa ngayon, mainam ang magsuot ng
mask kung hindi maaring mintinahin
ang physical distancing, lalo na kung
ikaw o ang iba ay nasa panganib na
magkasakit nang mas malubha o
magkaroon ng mga mas malubhang
problema sa kalusugan

Hindi kailangan ang mask o physical
distancing

Indoors o sa loob, kasama ng mga
tao mula sa iba't-ibang household o
sambahayan na **hindi nabakunahan,
partially vaccinated, o kung hindi mo
nalalaman kung sila'y nabakunahan
na o hindi**



**hal., pribadong selebrasyon o
seremonya, indoor birthday party,
mga lugar ng pagsamba, gym**

Magsuot ng mask at magpanatili ng
physical distancing

Sundin ang mga patakarang inilagay
sa lugar ng may-ari/ organizer upang
bawasan ang panganib ng COVID-19

Panatilihing bukás ang mga bintana at
pintuan, kung maaari

Kung ikaw ay nasa panganib na
magkasakit nang mas malubha o
magkaroon ng mga mas malubhang
problema sa kalusugan, mainam ang
magsuot ng mask at magpanatili ng
physical distancing. Kahit na hindi
mapanganib para sa iyo, mainam pa rin
ang magsuot ng mask sa isang indoor
na sitwasyon kung saan maraming tao

Sundin ang mga patakarang inilagay
sa lugar ng may-ari/ organizer upang
bawasan ang panganib ng COVID-19
para sa lahat

Indoors o outdoors kung saan
maraming tao at medyo siksikan



**hal., malaking concert kung saan
maraming tao, organisadong sporting
event, malaking house party**

Magsuot ng mask

Sundin ang mga patakarang inilagay
sa lugar ng may-ari/ organizer upang
bawasan ang panganib ng COVID-19

Mintinahin ang physical distancing
kapag maaari

Pag-isipang magpunta lamang sa
events kung saan may mga itinakdang
safety plan na sumusunod sa payo ng
local public health

Kung ikaw ay nasa panganib na
magkasakit nang mas malubha o
magkaroon ng mga mas malubhang
problema sa kalusugan, mainam ang
magsuot ng mask at magpanatili ng
physical distancing. Kahit na hindi
mapanganib para sa iyo, mainam pa rin
ang magsuot ng mask sa isang indoor
na sitwasyon kung saan maraming tao

Sundin ang mga patakarang inilagay
sa lugar ng may-ari/ organizer upang
bawasan ang panganib ng COVID-19
para sa lahat

Laging sundin ang mabubuting gawi tulad ng paghugas ng iyong mga kamay, pagtakip sa iyong ubo at bahing, at pagpapahusay ng
ventilation. Hindi ka dapat lumapit sa iba kung ikaw ay may mga sintomas na maaring COVID-19, kahit na ikaw ay nabakunahan na.